

Pagkilala sa Titik

Pagpipilian

Hilingin sa inyong anak na pumili ng isa o higit pa sa mga aktibidad na ipinapakita sa ibaba. Ang pagpili at pagsasagawa nito ay mahahalagang kasanayan para sa kognitibo at emosyonal na pag-unlad. **Pumili mula sa sumusunod na mga aktibidad para malaman kung ano ang nalalaman ng inyong anak sa mga titik.**

Mga Kailangang Materyales:

- Papel, lapis/bolpen, mga refrigerator magnet, o mga flash card ng titik

Kakayahang Bumasa at Sumulat	Mga Pagpipiliang Aktibidad	
Nakikilala at napapangalanan ang ilang titik sa sariling pangalan	Gawin ang Iyong Pangalan Hilingin sa inyong anak na isulat ang kaniyang pangalan gamit ang mga refrigerator magnet o flash card ng titik.	Ano ang nasa Pangalan Mo? Hilingin sa bata na bigkasin ang mga titik sa kaniyang pangalan.
Nakikilala at napapangalanan ang hanggang 10 titik, lalo na ang mga titik na naroon sa kaniyang sariling pangalan	Pagluluto nang Magkasama Kapag naghahanda ng pagkain gaya ng kanin, sandwich, o cereal, gamitin ang iba't ibang kahon at lalagyan ng sangkap (halimbawa kahon ng cereal at karton ng gatas) at sa di-wastong pagkakasunod-sunod ay hilingin sa bata na tukuyin ang mga titik sa label.	Magbasa nang Malakas Kapag magkasamang nagbabasa ng kuwento, hilingin sa bata na ituro ang mga titik na alam niya at sabihin sa inyo ang pangalan ng bawat titik.
Natutukoy at napapangalanan ang 11-20 malaking titik at 11-20 maliit na titik kapag ipinakita sa di-wastong	Field Trip ng mga Titik Kapag magkasamang namamasyal o kapag nasa tindahan, hilingin sa bata na tukuyin ang iba't ibang titik na nakita ninyo sa inyong	Mga Flash Card Sumulat ng indibidwal na malalaking titik sa mga parisukat na papel para makagawa ng mga letter card. Ilatag ang mga letter card sa

pagkakasunod-sunod

pamamasyal. Tanungin kung "anong mga titik ang nakikita mo?" Tulungan ang inyong anak, kung nahhirapan siya (pero huwag isama sa mga tama).

lamesa o sahig nang nakaharap ang malalaking titik. Hilingin sa bata na hanapin ang bawat titik na nakikilala niya, pangalanan ito, at baligtarin ang card.

